

Kakaibang Edukasyon ng mga Paaralang Maglalaan ng mga Slots
para sa mga Dayuhang Mag-aaral, sa Taong 2019

○ Hyogo Prefectural Kobe Kohoku Senior High School

Layunin ng Edukasyon	Katangian ng Kurikulum
<p>Nakahanda sa paaralang ito ang iba't ibang mga napipiling subject na nakakatulong sa mahusay na pagpapalaki ng bawat mag-aaral. Nilalayon ng paaralang ito ang pagpapatupad ng pangarap at career, pagpapaunlad ng pananabik at ugali upang makatulong sa international society, at paghubog ng taong masagana ang katangian at kalooban na nagmamahal sa kalikasan at tao, sa pamamagitan ng maingat na pagtuturo. Isasagawa ang iba't ibang aktibidad ng edukasyon base sa sumusunod na tatlo bilang patakaran.</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Pagtaguyod sa edukasyon na naaayon sa globalization 2. Paghubog ng "matatag na kakayahang matuto" 3. Paghubog ng "masaganang kalooban" 	<p>Ang mga mag-aaral ay makakapili mula sa mahigit sa 120 napipiling subject ng mga subject base sa kanilang ninanais na trabaho o landas na susundin sa hinaharap, at makakagawa ng kanilang sariling time schedule. Nakahanda ang iba't ibang napipiling subject tulad ng "Kultura sa pamumuhay sa Asia", "Information Processing", "Volunteer practice", at mga wika sa Asya tulad ng "Korean" at "Chinese". Isinasagawa din ang mga klase na kaunti lamang ang bilang ng mag-aaral, mga klase na ang nagtuturo ay mga taong nagtatrabaho at mga klaseng nakikipagtulungan ang senior high school at pamantasan. Maaaring matupad ng bawat mag-aaral ang kanyang ninanais na landas sa kinabukasan sa pamamagitan ng mabait at maingat na patnubay.</p>

○ Hyogo Prefectural Ashiya Senior High School

Layunin ng Edukasyon	Katangian ng Kurikulum
<p>Base sa salawikain ng edukasyong "Pagsasarili", "Kalayaan" at "Paglikha", nahuhubog sa paaralang ito ang mga taong masagana ang kalooban at marunong tumayo sa sariling paa. Isinasagawa ang aktibidad pang-edukasyon na ginagamit ang kagalingan ng sistema ng kredito sa pamamagitan ng kurikulum na may career education tulad ng "AUSS Job Navi", "AUSS Future Course Navi" at "AUSS Campus" at iba't ibang nakatakdang subject. Nilalayon din ng paaralang ito ang pagpapalaki ng taong masiglang makakatulong sa global society bilang leader sa pamamagitan ng masiglang aktibidad ng student council at aktibidad ng mga klab, paglalakbay ng paaralan sa Taiwan, at pag-aaral ng wika sa New Zealand.</p>	<p>Nakahanda sa paaralang ito ang mga malawak at mga dalubhasang subject na natutugunan ang pag-aaral sa pamantasan, at mga kakaibang subject tulad ng "Practice of marine sports" at "Ashiya modernism" na ginagamit ang katangian ng heograpiya at kasaysayan ng Ashiya. Ginagawa din ang "programang nakikipagtulungan ang senior high school at pamantasan" kaya ang mga mag-aaral ay nakakasali sa karaniwang klase ng pamantasan at nagagamit ang kredito ng klase sa pamantasan bilang kredito sa senior high school. Naitatagtag sa mga mag-aaral mga ng kaalaman at kakayahan, at nakakapag-aral ng mga malawak na kaalaman sa pamamagitan ng mga klase na kaunti lamang ang bilang ng mag-aaral at mga klase base sa kakayahan ng mag-aaral. Tulad ng nakasulat sa itaas, ginagawa ang kurikulum na tumutugon sa kinakailangan sa pag-aaral ng bawat mag-aaral upang matulungan maitupad ang kanilang landas sa kinabukasan.</p>

○ Hyogo Prefectural Itami Kita Senior High School

Layunin ng Edukasyon	Katangian ng Kurikulum
<p>(1) Paghubog ng mga taong masagana ang kalooban na kayang makitungo sa pagbabago ng lipunan, base sa salawikain ng paaralan: “<i>Shoshin</i> (huwag kalimutan ang nais na hinaharap)”, “<i>Jiritsu</i> (pagtayo sa sariling paa)” at “<i>Renkei</i> (pagkakaisa)”.</p> <p>(2) Paghubog ng matatag na kakayahang matuto para matupad ang landas na nais sundin sa hinaharap. At pagtulong sa mga mag-aaral na magkaroon ng hangad sa pag-aaral at landas na susundin sa hinaharap, base sa sistema ng edukasyon na sa pamamagitan ng mga subject na natatangi sa komprehensibong kurso tulad ng “<i>industrial society & human beings</i>”.</p> <p>(3) Paghubog ng “kakayahan upang mamuhay” na patuloy na gagaling sa pagdaan ng panahon, habang pinapahusay ang kakayahan sa paggawa ng mga presentasyon at komunikasyon sa pagsagawa ng mga sistematiko at praktikal na programa sa loob ng tatlong taon.</p>	<p>(1) Ang mga mag-aaral ay makakagawa ng kanilang sariling time schedule batay sa kanilang landas sa susundin sa hinaharap.</p> <p>(2) Nakahanda ang iba’t ibang mga dalubhasang subject at isinasagawa ang maraming klase na kaunti lamang ang bilang ng mag-aaral.</p> <p>(3) Ang paaralang ito ay patuloy na nagtatagumpay bilang paaralan base sa komprehensibong kurso na tumutulong para sa pagpasok sa pamantasan habang isinasagawa ang “sistematikong edukasyong angkop sa global career”.</p> <p>(4) Marami ding iba’t ibang mga school event tulad ng masiglang aktibidad ng mga klab, masigasig na pistang kultura at paligsahan, paglalakbay sa ibang bansa, at maikling panahong pag-aaral ng wika sa ibang bansa (Australia).</p> <p>(5) Nakaayos din ang kapaligiran para sa pag-aaral, tulad ng kagamitan at mga gusali para sa mga lecture, atbp, at malawak na ground.</p>

○ Hyogo Prefectural Kakogawa Minami Senior High School

Layunin ng Edukasyon	Katangian ng Kurikulum
<p>Bilang isang senior high school base sa komprehensibong kurso, ayon sa catchphrase na “Pahusayin ang kakayahang kinakailangan bilang isang tao sa buong buhay”, iminumulat sa mga mag-aaral na matuto ng “kakayahan upang mamuhay”, hindi mapupuspos sa pagbabago ng lipunan at kayang makitungo nang matapang at angkop sa iba’t ibang suliranin na haharapin ng isa’t isa, at huhubuging maging isang taong marunong tumayo sa sariling paa na may malaking pangarap at mataas na hangad bilang isang miyembro ng lipunan at isang manggagawa. Para sa layuning ito, tutugunan ng paaralang ito ang iba’t ibang landas sa susundin sa hinaharap ng mga mag-aaral para sa pagpapatupad ng kanilang pangarap, sa pamamagitan ng pagturo sa kanila na mag-iisp ng sarili sa lahat ng klase, sa mga aktibidad na makakapagbigay karanasang makipagtulungan sa mga kasamang mag-aaral at mga tao ng bayan, at sap ag-aaral.</p>	<p>Binigay ang lahat ng paaralan upang matupad ang unang nais sundin na landas sa hinaharap ng bawat mag-aaral sa pamamagitan ng kaakit-akit na kurikulum na angkop sa katangian ng bawat isa at sistema para sa maingat na pagtulong ng mga guro. Sa panig naman ng pag-aaral, nakahanda ang mga 120 napipiling subject na naaangkop sa nais na susunding landas sa hinaharap at hilig o interes, at pahuhusayin ang batayang kakayahang sa math, English at napipiling mga subject sa mga klase na kaunti lamang ang bilang ng mag-aaral. Nakahanda rin ang mga pagkakataon kung saan ang mga mag-aaral ay nakakapag-aral sa sarili sa pamamagitan ng mga aktibidad na makakapagbigay karanasan tulad ng internship at boluntaryong mga aktibidad, at mga klase kung saan nagagamit ang tanging kaalaman at karunungan ng mga espesyal na parttime na mga guro.</p>

○ Hyogo Prefectural Koder Senior High School

Layunin ng Edukasyon	Katangian ng Kurikulum
<p>Noong school year 1997, ang sistema ng paaralang ito ay binago at naging unang komprehensibong kurso sa Prepektura ng Hyogo. Batay sa salawikain ng paaralang "Pagsasarili", "Paglikha" at "Tiwala", ang pagpahusay ng mga kakayahang kailangan para sa hinaharap na pamumuhay, lalo na ang 4 na kakayahang "Kakayahang maglutas ng mga suliranin", "Kakayahang magpapalano ng landas na susundin sa hinaharap", "Kakayahang ipahayag ang sarili" at "Kakayahang makatulong sa bayan", ay ang pangunahing layunin ng aktibidad ng edukasyon ng paaralang ito.</p> <p>Pinahahalagaan ng paaralang ito ang katangian ng bawa't mag-aaral, pinapaganda ang mga katangian ng bawa't isa at pinapalaki na nagsisikap upang matupad ng pangarap at hangad. Sa pamamagitan ng sariling pag-aaral, nararanasan ng mga mag-aaral ang kasiyahan at tagumpay sa pag-aaral, napag-aaralan ang ugali at gana upang gawin ang aktibidad nang kusang-loob at masigla, at natututunan ang kakayahan upang mamuhay nang malikhain bilang mga mamamayang mapagkakatiwalaan ng lipunan.</p>	<p>Gamit ng paaralang ito ang sistema ng 2 semester at nakahanda ang iba't ibang subject na tangi lamang sa komprehensibong kurso tulad ng "Lipunan ng industriya at tao (Industrial society and human beings)".</p> <p>Ang mga mag-aaral ay maaaring matuto sa mga subject na sila ay interesado sa klaseng itinuturo ng mga taong may propesyonal na kaalaman at kasanayan galing sa labas ng paaralan. Ang mga mag-aaral ay maaaring pumili ng mga pag-aaralang subject base sa kanilang hilig o interes, kakayahan at ninanais na landas sa kinabukasan. Ang mapipiling grupo ng mga seryeng kurso ay "Integrated humanities and sciences", "Information business", "Medicine and surgery", "Childcare" at "Arts and culture".</p> <p>Sinisikap ng mga mag-aaral na magtagumpay sa pagiging ang "taong nais mahubog ang sarili" sa pamamagitan ng maingat na patnubay at pagsangguni.</p>